# REMEMBER THIS

FILIPINO **WEEK 4**

## "Magiging Akin Sila"

### WARM-UP

- Magbahagi tungkol sa itinuturing mo na isang yaman. Bakit mo ito labis na pinahahalagahan?
- Ano ang isang pag-aari na pinaka-iingatan mo? Balikan ang isang pangyayari na nagpapaliwanag nito.
- Kung may sunog o kalamidad, ano ang isang bagay na uunahin mong iligtas? Bakit?

### WORD

16 *Pagkatapos, nag-usap-usap ang mga taong may*
*paggalang sa Panginoon. Narinig ng Panginoon ang*
*kanilang pinag-uusapan. Ang kanilang pangalan ay*
*isinulat sa aklat na nasa harapan ng Panginoon, para*
*maalala niya silang mga may takot at kumikilala sa*
*kanya.* 17 *Sinabi ng Panginoong Makapangyarihan,*
*"Magiging akin sila sa araw ng paghatol ko. Ituturing*
*ko silang isang tanging kayamanan. Hindi ko sila*
*parurusahan, tulad ng isang amang hindi nagpaparusa*
*sa anak na masunurin."* **MALAKIAS 3:16,17**

Matapos marinig ang salita ng Panginoon, ang mga mamamayan ng Israel na gumagalang sa Kanya ay nagtipon-tipon upang isulat ang aklat ng pagpapa-alala. Ang kanilang tugon ay isang pangako na igagalang ang Kanyang pangalan, susundin ang Kanyang mga utos, at paniniwalaan ang Kanyang mga pangako. Nakinig sa kanila ang Panginoon at binigyan sila ng katiyakan na makikilala sila bilang Kanyang tanging kayamanan at Kanyang mga anak.

## 1 Tayo ay Kanyang tanging kayamanan.

*Sinabi ng Panginoong Makapangyarihan, "Magiging akin sila sa araw ng paghatol ko. Ituturing ko silang isang tanging kayamanan . . ."* **MALAKIAS 3:17**

Ang unang mga sinabi ng Diyos sa mamamayan ng Israel sa pamamagitan ng propetang si Malakias ay, *"Mahal ko kayo"* (Malakias 1:2). Ang unang mga salita sa huling bahagi ng Malakias ay, *"Magiging akin sila."* Ipinakita sa atin sa simula hanggang sa dulo ng Malakias kung ano ang kahulugan ng pagiging tanging kayamanan ng Panginoon. Tayo ay pinili, minahal, ibinukod, at pinahahalagahan mula sa simula at mananatiling gayon hanggang sa huli. Paano mo itinuturing ang mga pag-aaring pinahahalagahan mo? Paano tayo itinuturing ni Cristo nang higit pa dito?

## 2 Tayo ang Kanyang mga anak.

*". . . Hindi ko sila parurusahan, tulad ng isang amang hindi nagpaparusa sa anak na masunurin."* **MALAKIAS 3:17**

Ipinangako ng Diyos na hindi Niya parurusahan ang sinumang susunod sa Kanyang utos. Subalit, kung ang maliligtas lamang ay ang mga taong sumusunod sa Diyos, wala nang maliligtas. Dahil dito, ipinadala ng Diyos ang Kanyang Anak, si Jesus, at sa pamamagitan ng Kanyang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay, tayo ay naituring na *mga anak, mga tagapagmana ng Diyos kasama ni Cristo* (Mga Taga-Roma 8:17). Dahil si Cristo ay walang kapintasang Anak na naglingkod sa Kanyang Ama, sa pamamagitan Niya tayo ay naligtas bilang mga anak ng Diyos. Ayon sa Mga Hebreo 12:7, paano tayo dapat tumugon sa pagturing sa atin ng Diyos bilang Kanyang mga anak?

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na ikaw ay tanging kayamanan at anak ng Diyos? Paano ka lalago sa iyong relasyon sa Kanya simula ngayon?
- Naniniwala ka ba na may pinaglalaanan ang Diyos sa iyo at na pinahahalagahan ka Niya? Paano ka magkakaroon ng mas malalim na pagkaunawa ngayong linggo tungkol sa pag-ibig ng Diyos sa iyo?
- Mayroon ka bang kapamilya o kaibigan na kailangang maranasan ang pag-ibig ng Diyos na labis ang pagpapahalaga sa Kanyang mga mamamayan at itinuturing sila na mga anak? Paano mo maibabahagi sa kanya ang ebanghelyo ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagtanggap sa iyo bilang Kanyang tanging kayamanan at bilang Kanyang anak. Pasalamatan Siya sa pagpili sa iyo at sa pangakong mamahalin ka hanggang sa wakas.
- Hingin sa Diyos ang mas malalim na pagka-unawa sa Kanyang pag-ibig at pagtanggap sa iyo. Ipanalangain na patuloy mong maparangalan ang Kanyang pangalan at susundin ang Kanyang Salita habang patuloy kang sumusunod sa Kanya.
- Ipanalangin ang isang kapamilya o kaibigan na kailangang maranasan ang walang hanggang pagmamahal ng ating Ama sa langit. Ipanalangin ang pagkakataon na maibahagi sa kanya ang ebanghelyo ngayong linggo.

## NOTES

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph